

Buod na Edisyon ng Sangguniang Aklat-Pamatnubay Para sa mga Dayuhan

Munisipyo ng Lungsod ng Gifu

📍 40-1 Tsukasamachi, Lungsod ng Gifu 🔍 <https://www.city.gifu.lg.jp>
☎ 058-265-4141



Tagalog



Mga tanggapang maaaring tawagan kapag may problema sa pamumuhay

○ Nais ko pong kumonsulta sa city hall tungkol sa mga pamamaraan at pang-araw-araw na buhay.

Gifu City Hall International Affairs Division ☎ 058-214-6125

Gifu City International Exchange Association ☎ 058-263-1741

🔍 <http://www.ccn.aitai.ne.jp/~gk3700cc/index.htm>



English Tagalog	Linggo - Huwebes	10:00am - 12:00pm 1:00pm - 4:00pm
	Biyernes	9:00am - 12:00pm 1:00pm - 3:00pm
Chinese	Martes, Huwebes, Sabado	10:00am - 12:00pm 1:00pm - 4:00pm
Portuguese	Lunes, Miyerkules	
Vietnamese	Linggo, Huwebes	

Gifu International Center ☎ 058-263-8066 🔍 <https://www.gic.or.jp/foreigner>

Lunes ~ Biyernes 9:30 am - 4:30 pm

English, Chinese, Portuguese, Tagalog, Vietnamese, Korean, Indonesian, Thai, Khmer, Nepalese, Burmese, Spanish, Malay, Mongolian

Helpline para sa mga Dayuhan ☎ 0120-279-338 (Libre ang tawag)

Araw-araw 10:00 am - 10:00 pm

English, Korean, Chinese, Tagalog, Vietnamese, Nepalese, Portuguese, Spanish, Thai, Indonesian

※Magkakaiba ang oras at araw na maaaring makausap ang taong nakakapagsalita sa iyong lengguwahe.

Mangyaring tingnan ang homepage at social media.

🔍 <https://www.since2011.net/yoriso/n2/> (Homepage)

🔍 <https://www.since2011.net/yoriso/n2-sns/> (Social Media)

○ Nais ko pong magtanong tungkol sa residence card, special permanent residence certificate at sistema ng imigrasyon.

• **Immigration Information Center** ☎ 0570-013904 (10 yen sa bawat 22.5 segundo)

🔍 <https://www.moj.go.jp/isa/consultation/center/index.html>

Lunes ~ Biyernes 8:30 am - 5:15 pm

(Tumatanggap ng Konsultasyon sa Iba't ibang salita)

○ Nais ko pong magtanong ukol sa mga bagay na may kinalaman sa trabaho.

• **Hello Work Gifu "Gaikokujin Corner"** ☎ 058-206-5063

Lunes ~ Biyernes 9:00 am - 4:30 pm

English, Chinese, Tagalog, Portuguese, Spanish

○ Nais ko pong magtanong ukol sa mga bagay na may kinalaman sa aking asawa at kinakasama (mga bagay na may kinalaman sa mga kababaihan).

• **Gifu Women's Advice Center** ☎ 058-213-2131

Araw-araw 9:00 am - 12:00 am

Subalit, para lamang sa konsultasyon sa DV mula 6:00 pm sa araw na Lunes ~ Biyernes at Sabado, Linggo, mga araw na piyesta opisyal, mga araw ng bagong taon (Disyembre 29 ~ Enero 3).

1. Kapag Naaksidente sa Daan at Nagkaroon ng Krimen.

Punong Tanggapan ng Pulisya ☎110 (walang babayaranang charge sa telepono)

- Sa pagtawag ninyo, aalamin ng taong sasagot sa telepono ng [*jiko desuka?* (“aksidente po ba ito?”) *hanzai desuka?* (“ito po ba ay krimen?”)]. Sabihin sa taong sasagot sa telepono na [*jiko* (“aksidente po”) o [*hanzai* (“krimen po”)]. Sagutin ang tanong kung *jiko* (“aksidente”) o *hanzai* (“krimen”).
- Ipaalam ang nangyari sa koban o “police outpost” ng pulisya.

2. Paraan ng Pagtawag ng Ambulansya Kapag Nagkaroon ng Sunog

Fire Station ☎119 (walang babayaranang charge sa telepono)

- Sa pagtawag ninyo ng ambulansya, tatanungin kayo ng taong sasagot sa telepono [*119 ban-shobou desu. Kajidesuka, kyukyu* (kyuna, byoki-ya-okega) *desuka* (“Ito ang 119. Sunog po ba o emerhensiya? Biglaan bang pagkakasakit o may malaking sugat?”)]. Huwag magmadali at mahinahong sagutin ang tanong kung ito ay *kaji* (sunog) o *kyu-kyu* (emerhensiya).

3. Maghanda Bago Magkaroon ng Lindol, Bagyo, Sunog at Iba Pang Mga Kalamidad.

- Pag-usapan palagi ang mga paghahandang gagawin kapag may sakuna kasama ang mga miyembro ng pamilya.

- Magtakda ng lugar kung saan kayo maaaring magkita kapag nagkaroon ng sakuna.
- Maghanda ng emergency kit at ilagay dito ang mga kinakailangang bagay para sa loob ng 2~3 araw (gamot, tubig atbp).

- Kapag nagkaroon ng sakuna, at delikado na nasa loob kayo ng bahay at apartment, magtungo sa mga lugar na itinakdang maaaring likasan.

Ang lugar na maaari ninyong likasan ay ang pinakamalapit na paaralang elementarya at junior high school, at mga pampublikong pasilidad. Alamin po ninyo kung mayroon at saan kayo maaaring lumikas. Makakakuha ng tamang impormasyon, pagkain, inumin sa mga lugar na itinakdang maaaring likasan.

- Mga Lugar na Itinakdang Maaaring Likasan ng Lungsod ng Gifu

🔍 <https://www.city.gifu.lg.jp/kurashi/bousai/1001382/1001383.html>

- Kapag may malaking sakuna, ang Gifu City Disaster Multilingual Center ay magpapadala ng impormasyon.

• Homepage



• Facebook



4. Pagsali sa Pangkalusugang Seguro (Health Insurance)

Departamento ng Pangkalusugang Seguro at Pensyon ng Munisipyo ng Lungsod ng Gifu ☎058-214-2083

- Ang insurance o “seguro” ay organisadong paraan ng pagtulong ng pamahalaan sa mga taong may sakit. Ang mga taong nakarehistro bilang mamamayan ay kinakailangang kumuha ng Pangkalusugang Seguro (Health Insurance). Mayroon pong dalawang uri ng Pangkalusugang Seguro (Health Insurance). Sa mga taong nagtatrabaho, magtanong muna sa kompanyang inyong pinagtatrabahuan. Sa mga hindi naman nagtatrabaho, sumanguni sa munisipyo ng tinitirhang lungsod.

5. Maging Maingat sa Pagtatapon ng Inyong Basura.

Sanitation Division ng Munisipyo ng Lungsod ng Gifu ☎058-265-3983

- May mga uri ng basura na kapag itinatapon ay kailangang magbayad at hindi magbayad. Magkaiba ang lugar na pagtatapunan, araw at paraan ng pagtatapon depende sa uri ng itatapong basura. Magtanong sa samahan ng mga residente ng inyong tinitirhang komunidad tungkol sa araw at lugar na maaaring itapon ang inyong basura.

Alamin sa website ng Lungsod ng Gifu ang iba’t ibang uri ng basura.

- Paraan ng Paghihiwa-hiwalay at Paglabas ng Basura sa Lungsod ng Gifu

🔍 <https://www.city.gifu.lg.jp/kurashi/gomi/1012143/index.html>

- Maaari ring mabasa ang paraan ng paglabas ng basura na nakasulat sa iba’t ibang wika.

(English, Chinese, Portuguese, Korean, Thai, Spanish, Indonesian, Vietnamese) 📄



6. Ukol sa Samahan ng mga Residente (samahang binubuo ng mga naninirahan sa isang distrito)

- Kapag maglilipat kayo ng bahay, bumati sa mga magiging kapitbahay. Mayroong Samahan ng mga Residente sa inyong tinitirhang distrito. Ang Samahan ng mga Residente ay tumutulong at nakikipagtulungan upang mapanatili ang kapayapaan at mamuhay ang mga naninirahan ng payapa. Malalaman ninyo ang mga kinakailangang impormasyon sa inyong tinitirhang distrito tulad ng tamang paraan ng pagtatapon ng basura sa pamamagitan ng kairan-ban o circular notice (ito ay paraan ng pagpapaalam ng mga kinakailangang impormasyon sa tinitirhang distrito).